

Kahilingan ng isang utos ng proteksyon sa karahasang pang domestiko, pagsusunod, sekswal na pag –atake – Para sa mga estado maliban sa Anchorage

Ang korte sistema ng Alaska ay gumawa ng ilang pansamantalang Pagbabago na nakakaapekto sa pagsumite ng isang petisyon para Sa isang utos ng proteksyon sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Maaari mong basahin ang higit pa tungkol sa mga pagbabagong ito sa Sistema ng Korte ng Alaska [COVID-19 pahina ng tugon](#).

[Anong mga form ang dapat kong gamitin sa petisyon para sa isang utos ng proteksyon o protective order?](#)

[Paano kung hindi ko maipanotaryo ang aking pirma?](#)

[Paano ko ihain o i-file ang petisyon?](#)

[Maaari ko bang punan ang petisyon sa korte?](#)

[Mayroon bang bayad upang mag-hain ng Petisyon o anumang dokumento sa isang kaso Ng proteksyon?](#)

[Maaari ba akong lumahok sa hearing sa pamamagitan ng telepono?](#)

[Paano ako pipirma kung wala akong printer at mag-file sa pamamagitan ng email?](#)

[Paano ako makakapag bigay ng mga katibayan kung nasa telepono ako?](#)

Anong mga form ang kailangan kong gamitin sa petisyon para sa isang utos ng proteksyon?

Tignan ang mga pagpipilian upang [humiling ng isang utos ng proteksyon laban sa Karahasang pang domestik](#)

Paano ko mai-hain ang petisyon?

Upang mabawasan ang bilang ng mga tao sa mga looban ng korte, mag-hain ng mga Sumusunod na dokumento sa pamamagitan ng email o fax kung posible:

- Ang dokumento upang simulan ang iyong kaso, na tinatawag na Petisyon
- Isang mosyon o hiling upang hilingin sa korte na mag-utos ng isang bagay sa isang Bukas o Aktibong kaso ng utos para sa proteksyon; o
- Lahat ng iba pang mga dokumento sa bukas na mga kaso

Maaari mong basahin kung paano mag-hain sa pamamagitan ng [Email o Fax na Tagubilin sa pag-hain ng email](#).

Mayroon bang bayad upang mag-hain ng petisyon o anumang dokumento sa Isang kaso ng proteksyon?

Walang bayad sa pag-hain ng mga petisyon upang simulan ang isang kaso ng karahasan sa tahanan, pagnanasa, o kasong pang-proteksyon sa sekswal na pang-aatake. Wala ring bayad para sa anumang pag-hain sa isang utos para sa proteksyon.

Maaari mong basahin kung paano mag-hain sa pamamagitan ng email o fax sa [Email o Fax na Tagubilin sa pag-hain ng email](#).

Paaano ako pipirma kung wala akong isang printer at nag-hain sa pamamagitan ng email?

Kung hindi mo mai-print at mapirmahan ang petisyo, at mag-hain sa pamamagitan ng Email, maaari kang mag-e-sign sa pamamagitan ng pag type ng "s / [ilagay ang iyong pangalan] /". Ito ang isang halimbawa:

I swear or affirm under penalty of perjury that all the information I provided in this petition is true to the best of my knowledge and belief.

04/17/2020

Date

/s/ Suzy Q Petitioner

Petitioner's Signature

Suzy Q. Petitioner

Print Name

Paano kung hindi ko mai-pa notaryo ang aking pirma?

Kung wala kang access sa isang notaryo, punan ang [Sertipikasyon sa Sarili \(Walang Magamit na Notaryo\)](#), TF-835 at isama ang kumpletong form sa iyong petisyon.

Maaari ko bang punan ang petisyon sa korte?

Ang mga korte ay tumatakbo ngunit ang mga proseso ay nabago upang maaari mong pangalagaan ang iyong negosyo sa korte sa pamamagitan ng telepono o email kung maaari.

Kung HINDI ka ligtas na mag-hain sa pamamagitan ng email, fax, o sa pamamagitan ng mail, suriin sa iyong lokal na korte ang tungkol sa kanilang oras at pamamaraan upang makapunta sa loob ng korte nang personal sa [Mga lokasyon at oras ng korte](#).

Kahit na ang iyong korte ay bukas (o pupunta ka sa isang korte na nangangailangan ng mga appointment at mayroon kang appointment), maaaring hindi ka makapasok sa isang gusali sa korte kung ikaw:

- Mayroon ng mga sintomas na tulas ng trangkaso, o
- Naglakbay sa laas ng Alaska sa huling 14 na araw, o
- May kasama sa bahay o nagkaroon ng malapit na pakikipag-ugnayan sa sinumang lumabas ng Alaska sa huling 14 na araw, o
- Naatasan sa quarantine, nahiwalay o pagsubaybay sa sarili sa bahay para coronavirus ng isang medical provider, o
- Nasuri na may o nagkaroon ng malapit na pakikipag-ugnayan sa sinumang nasuri na may COVID-19.

Maaari ba akong lumahok sa pagdinig sa pamamagitan ng telepono?

Maaari kang lumahok sa pamamagitan ng telepono hanggang sa Mayo 31, 2020. Tiyaking isama ang iyong numero ng telepono at email kung ligtas na makipag-ugnay sa iyo ang korte sa pamamagitan ng mga pamamaraang iyon. Kung hindi ka tinawag sa oras ng iyong pagdinig, maaari kang tumawag sa iyong pagdinig. Maaari mong mahanap ang iyong lokal na numero ng korte sa [Direktoryo ng Korte](#).

Ang ilang mga korte LAMANG nagpapahintulot sa mga tao na dumalo sa mga pagdinig sa pamamagitan ng telepono, kaya suriin ang iyong lokal na korte bago pumapasok sa persona: [Direktoryo ng Korte](#).

Paano ako magbibigay ng katibayan kung nasa telepono ako?

Bago ang iyong hearing, mag-hain ng lahat ng mga katibayan tulad ng mga larawan o kopya ng mga text message kasama ang Notice of Filing, SHC-1605 [Word](#) | [PDF](#) na kasama ang pangalan ng kaso at numero. Maaari kang mag-hain sa pamamagitan ng email, U.S. mail, o personal. Basahin ang mga [Tagubilin sa pag-hain ng email o fax](#)

Kung napagtanto mo sa oras ng pagdinig na may mahalagang katibayan na kailangan maibigay, tanungin ang hukom kung maaari mo itong ipadala sa pamamagitan ng email o teksto sa oras na iyon. Kung sumang-ayon ang hukom, bibigyan ka niya ng isang email address upang maipadala ang ebidensya sa oras ng pagdinig para sa konsiderasyon. Maaaring hindi papayagan ng iyong hukom ito, kaya pinakamahasag na subukang isumite ang lahat ng katibayan bago ang iyong korte.